1

# Mathematics

## Quarter 4– Module 3:

## Telling and Writing Time by Hour Using Analog Clock



ALTERNATIVE DELIVERY MODE

PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

**Mathematics–Grade 1**
**Alternative Delivery Mode**
**Quarter 4–Module 3: Telling and writing time by hour using analog clock**
**Unang Edisyon, 2020**

Isinasaad sa **Batas Republika 8293, Seksiyon 176** na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisiyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon
Kalihim: Leonor Magtolis Briones
Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

**Manunulat:** Juliebee T. Balado

**Editor:** Lorna M. Burgos, Arnel N. Castillo

**Tagasuri:** Nickoye V. Bumanglag, Jecelyn de Leon

**Tagaguhit:** Arnel N. Castillo

**Tagalapat:**

**Tagapamahala:** Estela R. Cariño
Octavio V. Cabasag
Rizalino G. Caronan
Roderic B. Guinucay
Rogelio H. Pasinos
Nickoye V. Bumanglag

**Inilimbag sa Pilipinas ng** ________________________

**Department of Education – Region II**

Office Address: Regional Government Center, Carig Sur, Tuguegarao City, 3500
Telefax: (078) 304-3855; (078) 396-9728
E-mail Address: region2@deped.gov.ph

# 1

# Mathematics

## Quarter 4– Module 3:

## Telling and Writing Time by Hour Using Analog Clock

# Paunang Salita

Para sa tagapagdaloy:

Malugod na pagtanggap sa asignaturang Mathematics 1 ng Alternative Delivery Mode (ADM) Modyul para sa araling Telling and writing time by hour using analog clock.

Ang modyul na ito ay pinagtulungang dinisenyo, nilinang at sinuri ng mga edukador mula sa pampubliko at pampribadong institusyon upang gabayan ka, ang gurong tagapagdaloy upang matulungang makamit ng mag-aaral ang pamantayang itinakda ng Kurikulum ng K to12 habang kanilang pinanagumpayan ang pansarili, panlipunan at pang-ekonomikong hamon sa pag-aaral.

Ang tulong-aral na ito ay umaasang makauugnay ang mag-aaral sa mapatnubay at malayang pagkatuto na mga gawain ayon sa kanilang kakayahan, bilis at oras. Naglalayon din itong matulungan ang mag-aaral upang makamit ang mga kasanayang pan-21 siglo habang isinasaalang-alang ang kanilang mga pangangailangan at kalagayan.

Bilang karagdagan sa materyal ng pangunahing teksto, makikita ninyo ang kahong ito sa pinakakatawan ng modyul:

*Mga Tala Para sa Guro*

Ito'y naglalaman ng mga paalala, panulong o estratehiyang magagamit sa paggabay sa mag-aaral.

Bilang tagapagdaloy, inaasahang bibigyan mo ng paunang kaalaman ang mag-aaral kung paano gamitin ang modyul na

ito. Kinakailangan ding subaybayan at itala ang pag-unlad nila habang hinahayaan silang pamahalaan ang kanilang sariling pagkatuto. Bukod dito, inaasahan mula sa iyo na higit pang hikayatin at gabayan ang mag-aaral habang isinasagawa ang mga gawaing nakapaloob sa modyul.

Para sa mag-aaral:

Malugod na pagtanggap sa <u>Mathematics 1</u> ng <u>Telling and writing time by hour using analog clock</u>

Ang modyul na ito ay ginawa bilang tugon sa iyong pangangailangan. Layunin nitong matulungan ka sa iyong pag-aaral habang wala ka sa loob ng silid-aralan. Hangad din nitong madulutan ka ng mga makabuluhang oportunidad sa pagkatuto.

Ang sumusunod ay mahahalagang paalala sa paggamit ng modyul na ito:

1. Gamitin ang modyul nang may pag-iingat. Huwag lalagyan ng anumang marka o sulat ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.
2. Huwag kalimutang sagutin ang *Subukin* bago lumipat sa iba pang gawaing napapaloob sa modyul.
3. Basahing mabuti ang mga panuto bago gawin ang bawat pagsasanay.
4. Obserbahan ang katapatan at integridad sa pagsasagawa ng mga gawain at sa pagwawasto ng mga kasagutan.
5. Tapusin ang kasalukuyang gawain bago pumunta sa iba pang pagsasanay.
6. Pakibalik ang modyul na ito sa iyong guro o tagapagdaloy kung tapos nang sagutin lahat ng pagsasanay.

Kung sakaling ikaw ay mahirapang sagutin ang mga gawain sa modyul na ito, huwag mag-aalinlangang konsultahin ang inyong guro o tagapagdaloy. Maaari ka rin humingi ng tulong kay nanay o tatay, o sa nakatatanda mong kapatid o sino man sa iyong mga kasama sa bahay na mas nakatatanda sa iyo. Laging itanim sa iyong isipang hindi ka nag-iisa.

Umaasa kami, sa pamamagitan ng modyul na ito, makararanas ka ng makahulugang pagkatuto at makakakuha ka ng malalim na pang-unawa sa kaugnay na mga kompetensi. Kaya mo ito!

## *Alamin*

Ang Modyul na ito ay inihanda para sa mga mag-aaral ng Mathematics – Grade 1 upang magsisilbing gabay sa pagkatuto sa paksang araling **Telling and writing time by hour, using analog clock.** Ito ay naglalaman ng mga gawaing nagbibigay oportunidad sa mga mag-aaral na tuklasin ang kanilang kakayahang umunawa sa konseptong nais ipahatid ng araling ito. Ang Kagawaran ng Edukasyon ay naniniwalang ang Modyul na ito ay magiging malaking tulong bilang kasangkapan para sa mga mag-aaral. Ang bawat isa ay magkakaroon ng kasiyahan at malawak na kaalaman sa paksang aralin na nakapaloob sa Modyul na ito.

Ang modyul na ito ay nakapokus sa araling:

- Telling and writing time by hour

Pagkatapos ng Modyul na ito, ang mga mag-aaral ay inaasahang:

1. Nasasabi ang oras batay sa hour gamit ang analog na orasan.
2. Nasusulat ang oras batay sa hour gamit ang analog na orasan.

## *Subukin*

Iugnay ang mga nakasulat na oras na nasa kanan sa oras na nasa orasan sa pamamagitan ng pagguhit ng linya.

1.  a. **1:00**

2.  b. **12:00**

3.  c. **6:00**

4.  d. **8:00**

5.  e. **10:00**

# Aralin 1 Telling and Writing Time by Hour using Analog Clock



*Balikan*

Sagutin ang mga tanong gamit ang kalendaryo.

## 2020 Calendar

**January 2020**

| S | M | T | W | T | F | S |
|---|---|---|---|---|---|---|
| | | | 1 | 2 | 3 | 4 |
| 5 | 6 | 7 | 8 | 9 | 10 | 11 |
| 12 | 13 | 14 | 15 | 16 | 17 | 18 |
| 19 | 20 | 21 | 22 | 23 | 24 | 25 |
| 26 | 27 | 28 | 29 | 30 | 31 | |

**February 2020**

| S | M | T | W | T | F | S |
|---|---|---|---|---|---|---|
| | | | | | | 1 |
| 2 | 3 | 4 | 5 | 6 | 7 | 8 |
| 9 | 10 | 11 | 12 | 13 | 14 | 15 |
| 16 | 17 | 18 | 19 | 20 | 21 | 22 |
| 23 | 24 | 25 | 26 | 27 | 28 | 29 |

**March 2020**

| S | M | T | W | T | F | S |
|---|---|---|---|---|---|---|
| 1 | 2 | 3 | 4 | 5 | 6 | 7 |
| 8 | 9 | 10 | 11 | 12 | 13 | 14 |
| 15 | 16 | 17 | 18 | 19 | 20 | 21 |
| 22 | 23 | 24 | 25 | 26 | 27 | 28 |
| 29 | 30 | 31 | | | | |

**April 2020**

| S | M | T | W | T | F | S |
|---|---|---|---|---|---|---|
| | | | 1 | 2 | 3 | 4 |
| 5 | 6 | 7 | 8 | 9 | 10 | 11 |
| 12 | 13 | 14 | 15 | 16 | 17 | 18 |
| 19 | 20 | 21 | 22 | 23 | 24 | 25 |
| 26 | 27 | 28 | 29 | 30 | | |

**May 2020**

| S | M | T | W | T | F | S |
|---|---|---|---|---|---|---|
| | | | | | 1 | 2 |
| 3 | 4 | 5 | 6 | 7 | 8 | 9 |
| 10 | 11 | 12 | 13 | 14 | 15 | 16 |
| 17 | 18 | 19 | 20 | 21 | 22 | 23 |
| 24 | 25 | 26 | 27 | 28 | 29 | 30 |
| 31 | | | | | | |

**June 2020**

| S | M | T | W | T | F | S |
|---|---|---|---|---|---|---|
| | 1 | 2 | 3 | 4 | 5 | 6 |
| 7 | 8 | 9 | 10 | 11 | 12 | 13 |
| 14 | 15 | 16 | 17 | 18 | 19 | 20 |
| 21 | 22 | 23 | 24 | 25 | 26 | 27 |
| 28 | 29 | 30 | | | | |

**July 2020**

| S | M | T | W | T | F | S |
|---|---|---|---|---|---|---|
| | | | 1 | 2 | 3 | 4 |
| 5 | 6 | 7 | 8 | 9 | 10 | 11 |
| 12 | 13 | 14 | 15 | 16 | 17 | 18 |
| 19 | 20 | 21 | 22 | 23 | 24 | 25 |
| 26 | 27 | 28 | 29 | 30 | 31 | |

**August 2020**

| S | M | T | W | T | F | S |
|---|---|---|---|---|---|---|
| | | | | | | 1 |
| 2 | 3 | 4 | 5 | 6 | 7 | 8 |
| 9 | 10 | 11 | 12 | 13 | 14 | 15 |
| 16 | 17 | 18 | 19 | 20 | 21 | 22 |
| 23 | 24 | 25 | 26 | 27 | 28 | 29 |
| 30 | 31 | | | | | |

**September 2020**

| S | M | T | W | T | F | S |
|---|---|---|---|---|---|---|
| | | 1 | 2 | 3 | 4 | 5 |
| 6 | 7 | 8 | 9 | 10 | 11 | 12 |
| 13 | 14 | 15 | 16 | 17 | 18 | 19 |
| 20 | 21 | 22 | 23 | 24 | 25 | 26 |
| 27 | 28 | 29 | 30 | | | |

**October 2020**

| S | M | T | W | T | F | S |
|---|---|---|---|---|---|---|
| | | | | 1 | 2 | 3 |
| 4 | 5 | 6 | 7 | 8 | 9 | 10 |
| 11 | 12 | 13 | 14 | 15 | 16 | 17 |
| 18 | 19 | 20 | 21 | 22 | 23 | 24 |
| 25 | 26 | 27 | 28 | 29 | 30 | 31 |

**November 2020**

| S | M | T | W | T | F | S |
|---|---|---|---|---|---|---|
| 1 | 2 | 3 | 4 | 5 | 6 | 7 |
| 8 | 9 | 10 | 11 | 12 | 13 | 14 |
| 15 | 16 | 17 | 18 | 19 | 20 | 21 |
| 22 | 23 | 24 | 25 | 26 | 27 | 28 |
| 29 | 30 | | | | | |

**December 2020**

| S | M | T | W | T | F | S |
|---|---|---|---|---|---|---|
| | | 1 | 2 | 3 | 4 | 5 |
| 6 | 7 | 8 | 9 | 10 | 11 | 12 |
| 13 | 14 | 15 | 16 | 17 | 18 | 19 |
| 20 | 21 | 22 | 23 | 24 | 25 | 26 |
| 27 | 28 | 29 | 30 | 31 | | |

1. ) Anong araw ang unang Lunes ng Enero 2020?
2. ) Anong araw naman ang June 12, 2020?
3. ) Anong mga buwan ang parehas na mayroong Linggo na 6,13, 20 at 27?
4. ) Anong buwan naman ang mayroong Sabado na 31?
5. ) Sa anong araw ang May 4, 2020?

## *Tuklasin*

Pagsasabi ng Oras

Basahin ang Suliranin

Nag-umpisang magbasa si Alyssa ng kanyang aklat sa oras na 4:00 ng hapon. Huminto siya pagkalipas ng isang oras. Anong oras siya huminto sa pagbabasa?

Solusyon 1

Ang oras ng pag-umpisa ni Alyssa na magbasa ay 4:00 ng hapon. Huminto siya 1 oras mula 4:00. Kaya, dadagdagan ng 1 ang 4. Kaya, Ika-5:00 ng hapon huminto sa pagbabasa si Alyssa.

Solusyon 2

Ayon sa orasan, ika-5:00 ang sunod sa ika-4:00. Kaya, huminto sa pagbabasa si Alyssa ng ika- 5:00 ng hapon

Solusyon 3

Malulutas din ito sa pag-ikot ng kamay ng orasan. Karamihan sa mga orasan ay may tatlong kamay: oras, minuto, at segundo. Ang **maikling kamay** ay ang **oras** at ang **mahabang kamay** ay ang **minuto** at ang segundo. May bilang sa loob ng orasan na 1 hanggang 12. Pakanan ang pag-ikot ng kamay ng orasan. Ilagay ang maikling kamay ng orasan sa 4 at ang mahabang kamay sa 12 upang ang oras ay 4:00. Kung nagsimulang umikot ang minutong kamay mula 12 at pabalik muli sa 12, isang oras na

ang nakalipas. Kaya, ang maikling kamay ngayon ay nakaturo sa 5. Ang oras na ipinakikita rito ay 5:00. Sa pagsasabi ng oras, basahin ang bilang kung saan nakaturo ang maikling kamay. Siguraduhin na ang mahabang kamay ng orasan ay nakaturo sa 12.

Halimbawa, ang oras na ipinakikita sa larawan sa ibaba ay ika-5:00.




Ang oras ay maaaring isulat sa salita.
Halimbawa, ika-lima o paggamit ng bilang, halimbawa ika-5:00

## *Suriin*

A. Isulat ang oras na ipinakikita ng bawat orasan. Isulat ang sagot sa loob ng puso na nasa tabi nito.

1.  

2.  

3.  

4.  

5.  




*Pagyamanin*

## Gawain 1

Iguhit ang maikling kamay sa tamang bilang na ipinapahiwatig ng oras

1.




4:00

2.




7:00

3.




9:00

4.




11:00

5.




1:00

## Gawain 2

Iguhit ang mahabang  kamay sa tamang bilang na ipinapahiwatig ng oras

1.




3:00

2.




6:00

3.




12:00

4.




8:00

5.




11:00

## *Isaisip*

- Karamihan sa mga orasan ay may tatlong kamay: oras, minuto, at segundo.
- Ang maikling kamay ay ang oras at ang mahabang kamay ay ang minuto at ang segundo.
- May bilang sa loob ng orasan na 1 hanggang 12.
- Pakanan ang pag-ikot ng kamay ng orasan. Kung nagsimulang umikot ang minutong kamay mula 12 at pabalik muli sa 12, isang oras na ang nakalipas.
- Sa pagsasabi ng oras, basahin ang bilang kung saan nakaturo ang maikling kamay. Siguraduhin na ang mahabang kamay ng orasan ay nakaturo sa 12.

## *Isagawa*

Kulayan ang mga orasan sa tamang kulay nito na ipinakikita ng kanyang oras. Ang tamang kulay at oras ay nasa ibaba.

2:00

11:00

7:00

9:00

10:00

1. 

2. 

3. 

4. 

5. 

## *Tayahin*

Iugnay ang mga nakasulat na oras na nasa kanan sa oras na nasa orasan sa pamamagitan ng pagguhit ng linya.

1. 

a. 12:00

2. 

b. 8:00

3. 

c. 10:00

4. 

d. 1:00

5. 

e. 6:00

## *Karagdagang Gawain*

May mga nakatakda kang oras sa pagpasok sa paaralan o sa mga gawaing bahay. Kaya sa bawat orasan, iguhit mo ang hinihinging oras na nakasulat ng pasalita at isulat ang tamang oras sa pabilang.

| Oras ng gawain | Oras na ipinapakita ng orasan | Oras |
|---|---|---|
| Nagdidilig ng mga halaman tuwing Ika-walo ng umaga si inay |  | 8:00 |
| Naghahanda ng meryenda si ate tuwing Ika-siyam ng umaga |  | |
| Nagdarasal ng rosary ang mag-anak tuwing Ika-anim ng gabi. |  | |
| Gumigising tuwing Ika-apat ng umaga si lolo. |  | |
| Nagluluto ng tanghalian si inay tuwing Ika-sampu ng umaga. |  | |
| Kumakain ang mag-anak ng tanghalian tuwing Ika-labingdalawa ng tanghali. |  | |

# Susi sa Pagwawasto

**Subukin**

1. c
2. d
3. a
4. e
5. b

**Balikan**

1.January 6
2.Friday
3.September
December
4.October
5.Monday

**Suriin**

1. 7:00
2. 2:00
3. 10:00
4. 1:00
5. 3:00

**Pagyamanin**
**Gawain 1**
Ang maikling kamay ay nakaturo sa;

1. 4
2. 7
3. 9
4. 11
5. 1

**Isagawa**

1. Nakulayan ng dalandan ang orasan
2. Nakulayan ng dilaw ang orasan
3. Nakulayan ng berde ang orasan
4. Nakulayan ng pula ang orasan
5. Nakulayan ng asul ang orasan

**Pagyamanin**
**Gawain 2**
Ang mahabang kamay ay nakaturo lahat sa 12

**Tayahin**

1. c
2. d
3. e
4. a
5. b

**Karagdagang Gawain**

1. 9:00
2. 6:00
3. 4:00
4. 10:00
5. 12:00

1

DEPARTMENT OF EDUCATION

# Mathematics

## Quarter 4– Module 3.1:

## Telling and Writing Time by Half-Hour and Quarter Hour Using Analog Clock



ALTERNATIVE DELIVERY MODE

ADM

PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

**Mathematics–Grade 1**
**Alternative Delivery Mode**
**Quarter 4–Module 3: Telling and writing time by half-hour and quarter hour using analog clock**
**Unang Edisyon, 2020**

Isinasaad sa **Batas Republika 8293, Seksiyon 176** na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisiyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon
Kalihim: Leonor Magtolis Briones
Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

**Manunulat:** Lorna M. Burgos

**Editor:** Arnel N. Castillo

**Tagasuri:** Nickoye V. Bumanglag, Jecelyn M. de Leon

**Tagaguhit:** Arnel N. Castillo

**Tagalapat:**

**Tagapamahala:** Estela R. Cariño
Octavio V. Cabasag
Rizalino G. Caronan
Roderic B. Guinucay
Rogelio H. Pasinos
Nickoye V. Bumanglag

**Inilimbag sa Pilipinas ng** ________________________

**Department of Education – Region II**

Office Address: Regional Government Center, Carig Sur, Tuguegarao City, 3500
Telefax: (078) 304-3855; (078) 396-9728
E-mail Address: region2@deped.gov.ph

## *Alamin*

Ang Modyul na ito ay inihanda para sa mga mag-aaral ng Mathematics – Grade 1 upang magsisilbing gabay sa pagkatuto sa paksang araling **<u>Telling and writing time by half hour and quarter hour using analog clock.</u>** Ito ay naglalaman ng mga gawaing nagbibigay oportunidad sa mga mag-aaral na tuklasin ang kanilang kakayahang umunawa sa konseptong nais ipahatid ng araling ito. Ang Kagawaran ng Edukasyon ay naniniwalang ang Modyul na ito ay magiging malaking tulong bilang kasangkapan para sa mga mag-aaral. Ang bawat isa ay magkakaroon ng kasiyahan at malawak na kaalaman sa paksang aralin na nakapaloob sa Modyul na ito.

Ang modyul na ito ay nakapokus sa araling:

- Telling and writing time by half- hour and quarter hour

Pagkatapos ng Modyul na ito, ang mga mag-aaral ay inaasahang:

1. Nasasabi ang oras batay sa half hour at quarter hour gamit ang analog na orasan.
2. Nasusulat ang oras batay sa half hour gamit ang analog na orasan.



## *Subukin*

Isulat ang oras na ipinakikita sa bawat orasan. Isulat ang iyong sagot sa loob ng kahon.

1. 

2. 

3. 

4. 

5. 

## *Balikan*

Iguhit ang maiksing kamay at mahabang kamay ng orasan batay sa oras na nasa ibaba nito.

| | |
|---|---|
| 1.  9:00 | 2.  11:00 |
| 3.  2:00 | 4.  4:00 |
| 5.  12:00 | |

# Aralin 1 — Telling and Writing Time by Half-Hour using Analog Clock

*Tuklasin*

Basahin ang sitwasyon sa ibaba. Sagutin ang mga tanong pagkatapos nito.

Nagsimulang magbasa si Liza ng kanyang leksyon sa ganap na ika-pito ng gabi. Natapos niya ang pagbabasa pagkatapos ng kalahating oras. Anong oras natapos si Liza sa pagbabasa ng leksyon?

Anong oras nag-umpisang magbasa ng leksyon si Liza?

Ilang oras siya nagbasa ng leksyon?

Kung si Liza ay nag-umpisa ng Ika-pito ng gabi, at natapos pagkalipas ng kalahating oras, saan dapat nakaturo ang mahabang kamay, at maikling kamay ng orasan?

Ilagay natin ang mahabang kamay sa bilang 12 at ang maikling kamay sa bilang 7, ang oras ay magiging 7:00,

ipinakikita nito ang oras ng pagsisimulang pagbasa ni Liza. Ang mahabang kamay ng orasan ay iikot mula 12 pakanan, pagkatapos pababa at pakaliwa o tinatawag nating clockwise. Ang bawat numero sa orasan ay may katumbas na bilang sa minuto;

Halimbawa



| | |
|---|---|
| 1 ay 5 | 7 ay 35 |
| 2 ay 10 | 8 ay 40 |
| 3 ay 15 | 9 ay 45 |
| 4 ay 20 | 10 ay 50 |
| 5 ay 25 | 11 ay 55 |
| 6 ay 30 | 12 ay 60 o ISANG ORAS |



Kung si Liza ay natapos pagkalipas ng kalahating oras ang mahabang kamay ng orasan ay dapat na nakaturo sa 6 na ang katumbas ay 30 minuto. Ang maikling kamay naman ay dapat nakaturo sa pagitan ng 7 at 8 sapagkat ang mahabang kamay ay nakaikot na ng kalahating oras na ang katumbas ay 30 minuto. Kaya natapos si Liza sa pagbabasa ng ganap na **ika-pito at kalahati** o **7:30** ng gabi.



## *Suriin*

Bilugan ang wastong oras na ipinakikita sa bawat orasan.

1.



5:30

6:30

2.



2:30

3:30

3.



9:00

9:30

4.



12:00

12:30

5.



7:30

8:30

## *Pagyamanin*

## Gawain 1

Isulat ang oras na ipinakikita sa bawat orasan sa kahon na nasa ilalim nito

1.


2.


3.


4.


5.


## Gawain 2

Ipakita ang wastong oras sa pamamagitan ng pagguhit sa mahaba at maikling kamay ng orasan.

1.


**2:30**

2.


**5:30**

3.


**8:30**

4.


**10:30**

5.


**12:30**

## *Isaisip*

- Ang kalahating oras ay katumbas ng 30 minuto.
- Nakaturo sa pagitan ng dalawang bilang ang maikling kamay at sa 6 ang mahabang kamay sa oras na half-hour gamit ang analog clock.

## *Isagawa*

Isulat sa patlang ang wastong oras na inilalarawan sa bawat bilang.

__________1. Ang maikling kamay ay nakaturo sa pagitan ng 9 at 10.
Ang mahabang kamay ay nakaturo sa 6.
Anong oras na?

__________2. Ang maikling kamay ay nakaturo sa pagitan ng 6 at 7.
Ang mahabang kamay ay nakaturo sa 6.
Anong oras na?

__________3. Ang maikling kamay ay nakaturo sa pagitan ng 12 at 1.
Ang mahabang kamay ay nakaturo sa 6.
Anong oras na?

__________4. Ang maikling kamay ay nakaturo sa pagitan ng 3 at 4.
Ang mahabang kamay ay nakaturo sa 6.
Anong oras na?

__________5. Ang maikling kamay ay nakaturo sa pagitan
ng 5 at 6.
Ang mahabang kamay ay nakaturo sa 6.
Anong oras na?



*Tayahin*

Isulat ang oras na ipinakikita sa bawat orasan. Isulat ang iyong sagot sa loob ng kahon.

1.



2.



3.



4.



5.



## *Karagdagang Gawain*

Gumuhit ng 5 orasan. Ipakita ang mga oras na hinihingi sa bawat bilang.

1. 1:30
2. 5:30
3. 8:30
4. 10:30
5. 12:30

# Susi sa Pagwawasto

**Subukin**

1. 4:30
2. 12:30
3. 8:30
4. 2:30
5. 6:30

**Balikan**




**Suriin**

1. (5:30) 6:30
2. 2:30 (3:30)
3. 9:00 (9:30)
4. 12:00 (12:30)
5. (7:30) 8:30

**Pagyamanin**
**Gawain 2**




**Pagyamanin**
**Gawain 1**

1. 10:30
2. 4:30
3. 11:30
4. 1:30
5. 3:30

**Isagawa**

6. 9:30
7. 6:30
8. 12:30
9. 3:30
10. 5:30

**Tayahin**

6. 8:30
7. 2:30
8. 6:30
9. 4:30
10. 12:30

| | |
|---|---|
| **Aralin 2** | **Telling and Writing Time by Quarter-Hour Using Analog Clock** |



*Balikan*

Isulat ang oras na ipinakikita sa bawat orasan. Isulat ang iyong sagot sa loob ng kahon.

1.




2.




3.




4.




5.



## Tuklasin

Napag-aralan mo sa nakaraang aralin na mayroong 12 numero sa orasan at ang bawat numero ay may katumbas na bilang sa minuto. Ngayon, pagmasdan ang orasan sa ibaba. Sabihin ang oras na ipinakikita rito.




Ang maikling kamay ay nagsasabi ng oras at ito ay nakaturo sa 8 at ang mahabang kamay ay nagsasabi ng minuto at nakaturo naman ito sa 3. Makukuha ang katumbas na bilang sa minuto ng 3 sa pamamagitan ng pagbibilang ng limahan umpisa sa 1. Ang 3 ay katumbas ng 15 minuto. Kaya, ang oras na nasa orasan ay 8:15.

Pagmasdan naman ang pangalawang orasan sa ibaba.




Ang maikling kamay na nagsasabi ng oras ay nakaturo sa 5 at ang mahabang kamay na nagsasabi ng minuto ay nakaturo sa 9. Umpisa sa 1, magbilang ng limahan hanggang sa 9 at ito ay katumbas ng 45 minuto. Kaya ang oras ay 5:45.

# Suriin

Pag-aralan ang bawat orasan. Kulayan ng dilaw ang kahon na naglalaman ng wastong oras na ipinakikita ng bawat isa.

1.




| | |
|---|---|
| 4:15 | 4:45 |

2.




| | |
|---|---|
| 10:15 | 10:45 |

3.




| | |
|---|---|
| 7:15 | 7:45 |

4.




| | |
|---|---|
| 1:15 | 1:45 |

5.




| | |
|---|---|
| 12:15 | 12:45 |

# *Pagyamanin*

## Gawain 1

Isulat ang oras na ipinakikita sa bawat orasan.

1. 


______________

2. 


______________

3. 


______________

4. 


5. 

## Gawain 2

Ipakita ang wastong oras sa pamamagitan ng pagguguhit ng mga kamay ng orasan.

1. 

**9:15**

2. 

**3:45**

3. 

**7:45**

4. 

**12:15**

5. 

**1:15**

## *Isaisip*

- Kung ang oras ay nasa kuwarter, ang kamay para sa oras ay nakaturo sa pagitan ng dalawang bilang at ang kamay para sa minuto ay maaaring nakaturo sa 3 na ang katumbas ay 15 o 9 na ang katumbas ay 45.

## *Isagawa*

Sagutin ang bawat suliranin.

| Suliranin | Sagot |
|---|---|
| 1. Ginagawa ni Dino ang kanyang takdang aralin.Natapos siya pagkalipas ng 45 minuto. Kung nagsimula siyang mag-aral sa ika-7:00, anong oras siya natapos? | |
| 2. Bumili ng pagkain sa tindahan si Edith. Bumalik siya pagkalipas ng 15 minuto. Anong oras siya bumalik kung umalis siya ng ika-9:00? | |
| 3. Si Marilyn ay nagbabasa ng aklat 45 minuto gabi-gabi. Kung nagsisimula siyang magbasa sa ika-6:00, anong oras siya matatapos? | |
| 4. Nagsisimula ang klase ni Cora sa Mathematics tuwing ika-2:00 ng hapon. Kung 45 minuto ang klase,anong oras matatapos ang klase niya? | |
| 5. Si Lorna ay kumakain ng hapunan labinlimang minuto makalipas ng ikapito. Anong oras siya kumakain? | |

## Tayahin

Isulat ang wastong oras na ipinakikita sa bawat orasan.

1.




__________

2.




__________

3.




__________

4.




__________

5.




__________

## *Karagdagang Gawain*

Gumuhit ng orasan at ipakita ang mga sumusunod na oras:

1. 10:15
2. 3:15
3. 6:45
4. 8:45
5. 1:15

# *Susi sa Pagwawasto*

**Balikan**

1. 11:30
2. 6:00
3. 5:30
4. 9:00
5. 8:00

**Pagyamanin**
**Gawain 2**

1.

9:15

2.

3:45

3.

7:45

4.

12:15

5.

1:15

**Suriin**

4:45

10:15

7:45

1:15

12:45

**Pagyamanin**
**Gawain 1**

1. 6:45 2. 9:15 3. 1:45 4. 6:15 5. 2:15

**Isagawa**

1. 7:45 **2.** 9:15 **3.** 6:45

**4.** 2:45 **5.** 7:15

**Tayahin**

1. 4:15 2. 2:45 3. 12:15
4. 8:15 5. 4:45

# *Sanggunian*

Department of Education "Most Essential Learning Competencies Matrix, K to 12 Curriculum (Grade1 to10)". Pasig City: Department of Education,2016.p.200

Department of Education. Mathematics 1 Learners Materials(Tagalog Version), pages 332-343 of 392

Department of Education. Lesson Guide in Elementary Mathematics Grade 1, pages 274-283 of 308

**Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:**

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph * blr.lrpd@deped.gov.ph